

|                                                                                   |                                |  |                    |            |
|-----------------------------------------------------------------------------------|--------------------------------|--|--------------------|------------|
|  | <b>School</b>                  |  | <b>Grade Level</b> | 7          |
|                                                                                   | <b>Teacher</b>                 |  | <b>Subject</b>     | Aral. Pan. |
|                                                                                   | <b>Teaching Dates and Time</b> |  | <b>Quarter</b>     | First      |

## I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN

### A. Mga Pamantayang Pangnilalaman

Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa ginampanan ng katangiang pisikal ng rehiyon sa pagbuo ng sinaunang kasaysayan at kalinangan ng mga mamamayan sa Pilipinas at Timog Silangang Asya.

### B. Mga Pamantayan sa Pagganap

Nakabubuo ng proyekto na nagpapaliwanag sa ginampanan ng katangiang pisikal ng rehiyon sa pagbuo ng sinaunang kasaysayan at kalinangan ng mamamayan sa Pilipinas at Timog Silangang Asya.

### C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto

- **Cognitive:** Natatalakay ang epekto ng katangiang pisikal ng Timog Silangang Asya sa pamumuhay ng mga tao.
- **Psychomotor:** Nakagagamit ng graphic organizer upang ipakita ang epekto ng pisikal na katangian sa kabuhayan, kultura, at pamumuhay.
- **Affective:** Naipapakita ang pag-unawa sa ugnayan ng kapaligiran at pamumuhay ng tao.

### D. Nilalaman

Epekto ng Katangiang Pisikal ng Timog Silangang Asya sa Pamumuhay ng mga Tao

### E. Integrasyon

Edukasyong Pangkalikasan, ICT, Pagpapahalaga

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

- Abejo et al. (2017). *Kasaysayan ng Asya*. Vibal Group, Inc.
- Guillermo et al. (2015). *Kasaysayan ng Mamamayan ng Asya*. IBOB Books.
- Celada & Aquino (2018). *Paglinang sa Kasaysayan 7*. Diwa Learning Systems.
- Website: Asia Society – Southeast Asia

## III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO

### A. Pagkuha ng Dating Kaalaman (5 minuto)

1. Paano mo ilalarawan ang pisikal na katangian ng Timog Silangang Asya batay sa anyong lupa, anyong tubig, klima, at likas na yaman?
2. Gamit ang isang larawan o mapa ng Timog Silangang Asya, tukuyin at ilarawan ang dalawang anyong lupa at dalawang anyong tubig na matatagpuan sa rehiyon.
3. Bilang isang mag-aaral, paano mo maipapakita ang pagpapahalaga at pangangalaga sa likas na yaman ng Timog Silangang Asya sa iyong pang-araw-araw na buhay?

### B. Paglalahad ng Layunin (5 minuto)

**Tanong sa Pagganyak:**

**Gawain: Pag-uugnay ng Pisikal na Katangian sa Pamumuhay**

Panuto: Magbigay ng halimbawa kung paano nakaaapekto ang bundok, ilog, o klima sa pamumuhay ng mga tao sa inyong lugar.

### C. Pagsasanay sa Wikang Ginagamit sa Aralin (5 minuto)

#### Gawain: Talasalitaan

Panuto: : Tukuyin ang kahulugan ng mga salitang:

- Biodiversity
- Siltation
- Red Tide
- Global Climate Change
- Ozone Layer

### D. Pagbasa ng Pangunahing Kaisipan o Tema (10 minuto)

#### Teksto:

Ang pisikal na katangian ng Timog Silangang Asya ay may malaking epekto sa pamumuhay ng mga tao. Ang mga anyong lupa at tubig ay nagdidikta ng uri ng kabuhatan, tulad ng pagsasaka sa matabang lupa, pangangisda sa mga baybayin, at pag-aalaga ng hayop sa mga kapatagan. Ang klima ay nakaaapekto sa uri ng pananim at sa kalusugan ng mamamayan. Ang mga likas na yaman ay pinagmumulan ng kabuhatan ngunit maaari ring magdulot ng suliranin kung hindi mapangangalagaan.

#### 1. Agrikultura

##### Paliwanag:

Ang agrikultura ang pangunahing hanapbuhay sa Timog Silangang Asya dahil sa matabang lupa, saganang ulan, at presensiya ng mga ilog at anyong tubig. Kabilang dito ang pagtatanim ng palay, mais, niyog, at iba pang pananim.

##### Halimbawa:

- **Banaue Rice Terraces** sa Pilipinas
  - **Mekong Delta** sa Vietnam
  - **Ilog Irrawaddy** sa Myanmar
- 

#### 2. Pangangisda

##### Paliwanag:

Dahil napapalibutan ng dagat ang maraming bansa sa rehiyon, ang pangangisda ay mahalagang kabuhatan. Nagbibigay ito ng pagkain at kabuhatan sa mga baybaying komunidad.

##### Halimbawa:

- Pangangisda sa Dagat Celebes
  - Pag-aalaga ng isda sa mga fish pens sa Indonesia
  - Pagkuha ng shellfish sa baybayin ng Brunei
- 

#### 3. Pag-aalaga ng Kagubatan at Likas na Yaman

##### Paliwanag:

Ang mga kagubatan sa rehiyon ay pinagmumulan ng kahoy, halamang gamot, at iba pang likas na yaman. May mga komunidad na umaasa sa pangangalap ng produkto mula sa kagubatan.

##### Halimbawa:

- Pag-aani ng rattan sa Malaysia
  - Pagkakarpintero gamit ang lokal na kahoy sa Laos
  - Pag-aalaga ng halamang gamot sa Thailand
-

#### 4. Turismo

##### **Paliwanag:**

Ang turismo ay lumalago dahil sa magagandang tanawin, makasaysayang lugar, at likas na yaman. Maraming mamamayan ang kumikita sa mga serbisyong kaugnay ng turismo.

##### **Halimbawa:**

- **Borobudur Temple** sa Indonesia
- **Ha Long Bay** sa Vietnam
- **Gardens by the Bay** sa Singapore



URL:

[https://www.canva.com/design/DAGtqdG5bcc/wQCbNAVnuCmK8S-ut9mzTA/view?utm\\_content=DAGtqdG5bcc&utm\\_campaign=designshare&utm\\_medium=link2&utm\\_source=uniquelinks&utlId=h0235062e80](https://www.canva.com/design/DAGtqdG5bcc/wQCbNAVnuCmK8S-ut9mzTA/view?utm_content=DAGtqdG5bcc&utm_campaign=designshare&utm_medium=link2&utm_source=uniquelinks&utlId=h0235062e80)

#### **E. Pagpapaunlad ng Pag-unawa sa Pangunahing Kaisipan o Tema (5 minuto)**


##### **Mga Katanungan:**

1. Ano ang epekto ng matabang lupa sa kabuhayan ng mga tao?
2. Paano nakaaapekto ang klima sa agrikultura?
3. Ano ang kaugnayan ng anyong tubig sa kultura ng mga mamamayan?

#### **F. Pagpapalalim ng Pag-unawa sa Pangunahing Kaisipan o Tema (10 minuto)**

##### **Gawain: Concept Map**

Panuto: Gumamit ng graphic organizer upang ipakita ang mga suliraning dulot ng pisikal na katangian ng Timog Silangang Asya sa pamumuhay ng mga tao.



##### **Rubrik:**

- Pagkakumpleto ng impormasyon – 5 pts
- Kaayusan ng mapa – 5 pts
- Pagkamalikhain – 5 pts

**Kabuuan:** 15 puntos

#### **G. Paglalahat at Abstraksyon (5 minuto)**

##### **Gawain: Pagninilay**

Panuto: Sagutin ang mga pahayag:

- Nalaman kong...
- Naranasan kong...
- Naramdaman kong...
- At gusto kong gawin...

#### IV. Pagtataya

**Panuto:** Piliin ang tamang sagot.

**1. Ano ang pangunahing dahilan kung bakit ang agrikultura ang pangunahing hanapbuhay sa Timog Silangang Asya?**

- A. Mataas ang teknolohiya sa rehiyon
  - B. Matabang lupa at saganang ulan
  - C. Maraming pabrika sa mga lungsod
  - D. Malawak ang disyerto sa rehiyon
- 

**2. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng lugar na kilala sa agrikultura sa Timog Silangang Asya?**

- A. Gardens by the Bay, Singapore
  - B. Borobudur Temple, Indonesia
  - C. Banaue Rice Terraces, Pilipinas
  - D. Petronas Towers, Malaysia
- 

**3. Bakit mahalaga ang mga anyong tubig sa pamumuhay ng mga tao sa rehiyon?**

- A. Ginagamit ito sa paggawa ng kalsada
  - B. Pinagkukunan ito ng isda at irigasyon
  - C. Ginagawang palaruan ng mga bata
  - D. Pinagkukunan ng buhangin para sa konstruksyon
- 

**4. Alin sa mga sumusunod ang hanapbuhay na may kaugnayan sa kagubatan?**

- A. Pagluluto ng pagkain sa kalye
  - B. Pag-aani ng rattan at halamang gamot
  - C. Pagmamaneho ng traysikel
  - D. Pagbebenta ng damit sa mall
- 

**5. Ano ang maaaring maging epekto kung hindi mapangangalagaan ang likas na yaman ng rehiyon?**

- A. Mas maraming turista ang darating
  - B. Lalong uunlad ang agrikultura
  - C. Magkakaroon ng suliraning pangkapaligiran
  - D. Tataas ang presyo ng produkto
- 

#### **Answer Key**

- 1. **B**
- 2. **C**
- 3. **B**
- 4. **B**
- 5. **C**

#### V. Takdang-Aralin

##### **Gawain: Survey Says!**

Panuto: Gumawa ng survey sa limang (5) kamag-aral tungkol sa epekto ng pisikal na katangian ng Timog Silangang Asya sa pamumuhay ng mga tao. Iulat ang resulta sa susunod na klase.